# Pagbayad sa upa

**Ang iyong bayad sa upa ay dapat palaging binabayaran nang maaga. Responsibilidad mong tiyakin na ang iyong upa ay regular na binabayaran at nasa oras. Nasa ibaba ang mga paraan kung saan maaari mong bayaran ang iyong upa sa Mission Australia Housing (MAH).**

## Centrepay deductions

Ang Centrepay ay madaling paraan ng pagbayad ng iyong mga gastusin. Ito ay isang buluntaryong serbisyo sa pagbabayad na libre para sa mga gumagamit ng Centrelink.

Gamitin ang Centrepay upang maiayos ang regular na pagbawas sa kabayaran galing Centrelink. Maaari kang magsimula o magbago ng pagbabawas sa kahit anong oras. Ang pinakamabilis na paraan ay gamit ang iyong Centrelink account online.

## Deposit books

I-deposito ang bayad sa upa sa anumang Westpac bank gamit ang deposit book na ibinigay sa iyo ng MAH. Ang deposit book na ito ay mayroong natatanging Deposit Book ID (kilala rin sa tawag na Tenant Reference Number) na siyang gagamitin sa paglalaan ng kabayaran sa iyong account.

## Cheque o tseke

Ang isang tseke ay maaaring ipadala o iwan sa iyong lokal na opisina ng MAH. Ang mga tseke ay kailangang nakapangalan sa Mission Australia Housing. Siguraduhin na nakasulat ang iyong pangalan, tirahan at Deposit Book ID sa likod ng tseke upang mailaan namin ang kabayaran sa iyong account.

**Paalala na maaaring abutin hanggang 5 araw ng trabaho mula sa pagtanggap ng iyong tseke hanggang sa ito ay lumabas sa iyong account.**

## Postal orders

Ang postal order ay maaaring isagawa sa iyong lokal na post office. Ang iyong postal order ay dapat ipangalan sa Mission Australia Housing at siguraduhing nakasulat ang iyong pangalan, tirahan at Deposit Book ID sa likod ng iyong order upang mailaan namin ang kabayaran sa iyong account.

Paalala: Mayroong karagdagang bayad kung ikaw may magbabayad ng upa gamit ang postal order. Makipag-ugnayan sa iyong lokal na Australia Post Branch para sa detalye ng bayad.

## Direct deposit

Maaari kang makipag-ugnayan sa iyong bangko upang ayusin ang direct debit. Ang ibig sabihin nito ay ang iyong bayad sa upa ay manggagaling sa iyong bank account kada dalawang linggo.

Kailangan mong siguraduhin na mailalagay ng iyong bangko ang iyong pangalan at Deposit Book ID sa pagbayad upang malaman namin na ito ay kabayaran sa iyong upa. Maaaring magkaroon ng dagdag na bayad sa pag-aayos nito depende sa kung ano ang iyong bangko.

Para sa detalye ng tamang MAH bank account, makipag-ugnayan sa iyong Housing Manager.

## Internet banking

Kung mayroon kang magagamit na online banking, maaari ka magbayad ng upa sa MAH ng paisa-isa o paulit-ulit. Kailangan mong siguraduhin na nakalagay ang iyong Deposit Book ID sa reference section upang mailaan ng MAH ang kabayaran sa iyong account.

## Mga iba pang kabayaran

Ang mga nangungupahan ay maaaring gamitin ang mga paraan na nakalista sa itaas upang bayaran ang upa at iba pang kabayaran gaya ng paggamit ng tubig at garahe. Kung ikaw ay nagbabayad ng non-rent na kabayaran, maglagay ng "W" sa dulo ng iyong Deposit Book ID upang mailaan ng MAH ang kabayaran sa iyong non-rent account.

**Paalala – hindi kami tumatanggap ng pagbabayad ng cash sa aming mga opisina.**

**Para sa karagdagang impormasyon ukol sa mga paraan ng pagbayad ng upa, makipag-ugnayan sa iyong lokal na opisina ng MAH.**

## Contact us

**Mission Australia Housing**
580 George Street
Sydney NSW 2000

1800 269 672

missionaustralia.com.au